



PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY

TANGGAPAN NG SANGGUNANG BAYAN

**BAHAGI NG KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG
SANGGUNANG BAYAN, TAYTAY, RIZAL NA IDINAOS NUONG
AGOSTO 23, 2007 SA SILID PULUNGAN NG PAMAHALAANG
BAYAN**

DUMALO:

Kgg. Janet DL. Mercado - Pang.Punong Bayan/Tagapamatnugot
Kgg. Joselito T. Calderon - Konsehal
Kgg. Sharon DL. Macabebe - "
Kgg. Arturo R. Valle - "
Kgg. Reggie Lynn G. Mascardo - "
Kgg. Trece S. Cayton - "
Kgg. Anastacio V. Alcantara - "
Kgg. Dianne Eliza G. Esguerra - "
Kgg. Glenviano G. Valera - "
Kgg. Andres C. Cruz, Jr. - Pangulo ng Liga ng mga Barangay
Kgg. Joanne Marie P. Calderon - Pangulo ng Sangguniang Kabataan

MAY AKDA: Pang.Punong Bayan Janet DL. Mercado
Tagapagtaguyod: Sangguniang Bayan

KAPASYAHAN BILANG 21

**NAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY SA
PAMILYA, KAMAG-ANAK AT MAHAL SA BUHAY NA NAULILA
SA PAGYAO NI 1st LT. LUDWIG D. SALVADOR AT PAGKILALA
SA KANYANG KABAYANIHAN SA PAGLILINGKOD SA
SINUMPAANG TUNGKULIN**

SAPAGKAT, si Tinyente Ludwig D. Salvador ay naglingkod bilang sundalo sa bahagi ng Hukbong Pandagat ng Sandatahan Pilipinas ;

SAPAGKAT, siya ay isang mabuting halimbawa ng isang kabataan mag-aaral na nagtapos ng Elementarya sa Paaralan ng Dolores; sa Sekondarya naman o Haiskul sa Juan Sumulong Memorial Jr. College at sa Kolehiyo sa Philippine Military Academy na may karangalan, taong 2005;

SAPAGKAT, dahil siya ay nagpamalas ng ibayong sipag at katalinuhan binigyan siya ng kaukulang anim na buwang "scholarship" sa ibayong dagat o sa bansang Virginia, United States of Amerika ng taong 2006;

SAPAGKAT, bilang sundalo ng kabataan siya'y nagpakita ng angkin tapang sa pagharap sa mga rebeldeng Abu-Sayyaf sa Bayan ng Basilan,

[Handwritten signatures]

Probinsiya ng Mindanao, na kanyang pinatunayan hanggang sa panahon na binawian siya ng buhay.

SAPAGKAT, ang kanyang karangalan ay hindi mapasubalian at tunay ngang dapat ipagmalaki at bigyan karangalan bilang magandang ehemplo ng mga kabataan at mamamayang naglilingkod sa kanyang pamayanan, lalo na sa kanyang bokasyon bilang tagapagtanggol ng Republika ng Pilipinas;

SAPAGKAT, sa kanyang maaga at di -inaasahang pagyao sa daigdig na ito ay kanyang inulila hindi lamang ang kanyang mahal sa buhay, kundi maging ang kanyang kapwa kawani, mga kaibigan, mga kababayan, at mga kadaupang palad na nagmamahal sa kanya;


LUBUSAN PINAGPASYAHAN, kagaya ng lubusang pagkakapasiya ang pagpapaabot ng taos pusong pakikiramay sa mga magulang, kapatid at mga kamag-anak ng yumaong si Lt. Ludwig D. Salvador at pagkilala sa kabayanihan sa paglilingkod sa kanyang sinumpaang tungkulin;

PINAGPASIYAHAN PA, na ang buong Konseho-Munisipal at kawani ng Pamahalaang Bayan ng Taytay sa pangunguna ng Punong Bayan Kgg. George Ricardo R. Gacula II ang panalangin na nawa'y makarating sa sinapupunan ng Dakilang lumikha ang kanyang kaluluwa at duon ay makamit ang buhay na walang hanggan;

PINAGPASYAHAN PANG MULI, na ipadala ang sipi ng kapasyahan ito sa kinaukulan para sa kanilang kabatiran;

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayon ika-23 ng Agosto 2007 dito sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay.


PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan ng nilalaman ng Kapasyahang ito, na pinagtibay pa rin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na Pangkaraniwang pulong nang ika-23 ng Agosto taong 2007 sa bulwagang kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay.


NOLI G. DEL ROSARIO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:


KGG. JANET DL. MERCADO
Nanunuparang Pangalawang Punong Bayan

PINAGTIBAY:


KGG. GEORGE RICARDO R. GACULA II
Nanunuparang Punong Bayan